LITTLE JESUS LEARNING CENTER
Canlubang, Calamba City
S.Y. 2023-2024

Ikaapat na Markahang Pagsusulit
Araling Panlipunan V

**Pangalan:** ______________________________________________

**I. Piliin ang tamang sagot sa bawat katanungan.**

1. Ano ang tawag sa patakarang panahanang ipinatupad ng mga Espanyol sa mga Pilipino?
   A. Barangay
   B. Poblacion
   C. Reduccion
   D. Subdibisyon

2. Bakit pinilit ng mga Espanyol na manirahan ang mga Pilipino sa *bajo de campana* kung saan madali nilang marinig ang tunog ng kampana ng simbahan?
   A. Upang mailayo sila sa maaaring mga panganib na dulot ng paninirahan sa mga kabundukan, malapit sa mga ilog, at sa mga dalampasigan.
   B. Upang magkaroon sila ng mas magandang kabuhayan sa pamamahala ng mga misyonerong Espanyol.
   C. Upang mas madaling mapamahalaan ang mga Pilipino at mapabilis ang pagpapalaganap ng Kristiyanismo.
   D. Upang maturuan sila kung paano mapauunlad ang kanilang kabuhayan at mabago ang mga kinagisnang mga gawain.

3. Alin sa mga sumusunod ang naglalarawan ng pueblo sa panahon ng kolonyalismo?
   I. Matatagpuan din sa plaza complex ang mga sakahan at taniman ng mga naninirahan sa pueblo.
   II. Matatagpuan sa paligid ng plasa ang tirahan ng mga Pilipinong kabilang sa principalia.
   III. May plaza complex ito na nasa gitna ang plasa.
   IV. Nasa paligid nito ang simbahan at kumbento.
   A. I, II, at III lamang
   B. I, II, at IV lamang
   C. II, III, at IV lamang
   D. I, II, III, at IV

4. Sino ang sumulat ng dalawang nobelang naglalarawan ng mga pang-aabuso ng mga Espanyol sa mga Pilipino noong panahon ng Espanyol?
   A. Francisco Baltazar
   B. Graciano Lopez Jaena
   C. Jose P. Rizal
   D. Marcelo H. Del Pilar

5. Alin ang uri ng dula na naglalarawan ng labanan ng mga Muslim at Kristiyano?
   A. Duplo
   B. Moro-moro
   C. Sarsuwela
   D. Senakulo

6. Sino ang pinakaunang gobernador-heneral ng Pilipinas?
   A. Alvaro de Saavedra
   B. Diego de los Rios
   C. Miguel Lopez de Legazpi
   D. Ruy Lopez de Villalobos

7. Ano ang dahilan ng pag-aaklas ng mga magsasaka noong 1745?
   A. Ang kakulangan ng pagkakaisa ng mga katutubong magsasaka.
   B. Ang hindi pagsuporta ng mga Espanyol sa mga mithiin ng mga Pilipino.
   C. Ang pagdagsa ng mga produktong agrikultural mula sa Espanya.
   D. Ang pagkamkam ng mga paring misyonero sa lupa ng mga katutubo.

LIVEWORKSHEETS

8. Ano ang *Royal Audiencia*?

A. Ito ang may kapangyarihang ipagpaliban ang pagpapatupad sa mga batas ayon sa pagsusuri nito.

B. Ito ang may karapatang humirang at magpalit ng gobernador-heneral ayon sa kautusan at pahintulot ng Hari ng Espanya.

C. Ito ang may karapatang magtalaga at magtiwalag ng mga pari sa parokya nang may pagsangguni sa mga arsobispo at obispo.

D. Ito ang pinakamataas na hukuman noong panahon ng Espanyol na binubuo ng gobernador-heneral, tatlong mahistrado, at piskal.

9. Sino ang pinakahuling gobernador-heneral ng Pilipinas?

A. Diego de los Rios
B. Ferdinand Magellan
C. Miguel Lopez de Legazpi
D. Martin de Goiti

10. Alin sa mga sumusunod ang bumubuo ng pamahalaang lokal?

I. Alcadia at Corregimiento
II. Barangay
III. Ciudad o Lungsod
IV. Pueblo o Bayan

A. I, II, at III lamang
B. I, III, at IV lamang
C. II, III, at IV lamang
D. I, II, III, at IV

11. Bakit pinairal ng mga Espanyol ang pamahalaang sentralisado sa Pilipinas?

A. Dahil ito ang hiningi ng Pilipinas
B. Upang mapadali ang pamamahala
C. Upang mapalapit ang mga Pilipino sa mga Espanyol
D. Upang mapayaman ang Pilipinas

12. Ano ang pinakamataas na posisyon na maaaring makamit ng mga Pilipino sa panahon ng kolonyalismo?

A. Alcalde-mayor
B. Cabeza de barangay
C. Gobernadorcillo
D. Gobernador-Heneral

13. Sino ang namuno sa pagpapatakbo ng Monopolyo ng Tabako?

A. Diego de los Rios
B. Jose Basco Y Vargas
C. Jose de los Rios
D. Miguel Lopez de Legazpi

14. Alin sa mga sumusunod ang naglalarawan sa Monopolyo ng Tabako?

I. Ang mga aanihing tabako ay tanging sa pamahalaan lamang ipagbibili sa presyong itinalaga ng pamahalaan.

II. Ang tabako ay mabibili lamang sa mga pangunahing tindahan sa mga lungsod.

III. Pinalawak ang monopolyo sa mga lalawigan ng Nueva Ecija, La Union, Abra, Cagayan, at mga lalawigan ng ilocos.

IV. Sa mga pook lamang na inilaan ng monopolyo eksklusibong ginagawa ng pamahalaang kolonyal ang kalakalan, pagbebenta, at ang paggawa ng tabako.

A. I at II lamang
B. I, II, at III lamang
C. II, III, at IV lamang
D. I, II, III, at IV

LIVEWORKSHEETS

15. Ano ang kalakalang galyon?
A. Ang kalakalan sa pagitan ng Maynila at Acapulco, Mexico.
B. Ang palitan ng mga barko sa pagitan ng Maynila at Acapulco.
C. Dalawang barkong salitan na nagdadala ng mga produkto sa pagitan ng Maynila at Acapulco.
D. Kalakalang ipinatupad ng mga Espanyol sa Pilipinas kung saan ang Maynila ang nagsilbing sentro ng kalakalan.

**II. Tama o Mali**. Basahing mabuti ang bawat pangungusap. Isulat ang salitang **Tama** kung ang pangungusap ay nagsasaad ng wastong pahayag. **Palitan** ang salitang nakasalungguhit ng wastong sagot kung **Mali**.

16. Ang Agustino ay unang mga misyonerong prayle na nagtagumpay sa pagpapalaganap ng Kristiyanismo.

17. Si Padre Gaspar de Medina, isang Agustino na nakatuklas ng rutang pabalik sa Mexico.

18. Ang residencia ay lihim na ipinadala ng hari upang siyasatin ang panungkulan ng mga opisyal at kawani ng pamahalaan.

19. Ang pamahalaang panlalawigan ay binubuo ng alcadia at corregimiento na pinamumunuan ng alcalde mayor at alcalde ordinario.

20. Ang patakarang encomienda ay ang paggagawad ng isang tiyak na teritoryo sa isang Espanyol upang kaniyang pangasiwaan.

21. Ang bandala ay sapilitang kontribusyon na ibinabayad ng mga sinaunang Pilipino sa pamahalaang Espanyol bilang pagkilala sa kapangyarihan nito.

22. Ang polo y servicio o sapilitang paggawa upang makapagtayo ng mga gusali tulad ng paaralan at munisipyo, makagawa ng mga kalsada at tulay para sa mabilis na transportasyon.

23. Ang Papa ang may pinakamataas na posisyon sa Simbahan ng mga Katoliko sa buong mundo.

24. Ang Dominikano ay dumating sa bansa noong 1606, mga dating bahagi ng Augustino na may mas mahigpit na panuntunan.

25. Ang Pransikano ang sumunod sa mga Agustino na dumating sa bansa.

LIVEWORKSHEETS

**III. Sanaysay.**

26-30. Sa kasalukuyang panahon, ano ang maaari mong imungkahing patakarang pang-ekonomiya lalo na sa ating agrikultura na makakatulong sa ating bansa at mamamayan. Ipaliwanag kung paano ito makakatulong sa pamumuhay ng mga Pilipino sa loob ng limang pangungusap hanggang sampung pangungusap o higit pa.

________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________

| **Pamantayan sa Pagmamarka** | |
|---|---|
| **Kraytirya** | **Puntos** |
| Nilalaman | 2 |
| Pagkakabuo | 2 |
| Organisasyon ng mga ideya | 1 |
| **Kabuuan** | 5puntos |

"Nang sa lahat ng bagay ang Diyos ay papurihan!"

LIVEWORKSHEETS